



Patuloy na sinusuri ng Pamahalaan ang mga kasunduan para sa mga visa habang may pandemya. Regular na ia-update ang page na ito habang may mga pagbabago.

[Mga palugit sa visa](#)

[Mga palugit para sa mga aplikante ng family visa](#)

[Mga Parent visa](#)

[Mga Sponsored Parent \(Temporary\) \(subclass 870\) visa](#)

Mga palugit sa visa

Kung naapektuhan ka ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha dahil sa pandemyang COVID-19, puwede kang maging karapat-dapat para sa isang palugit.

Nagsimula ang panahon ng palugit kaugnay ng COVID-19 noong Pebrero 1, 2020 para sa:

- [Skilled Regional \(Subclass 887\) visa](#)
- [Business Innovation and Investment \(Permanent\)\(Subclass 888\) visa](#)
- [Business Innovation and Investment \(Provisional\)\(Subclass 188\) visa](#)
- [Safe Haven Enterprise \(Subclass 790\) visa](#)
- [Temporary Graduate \(Subclass 485\) visa.](#)

Mga palugit para sa mga aplikante ng family visa

Mga visa ng Asawa at Anak

Kung nag-apply ka sa labas ng Australia ng isang:

- Child (subclass 101) visa
- Adoption (subclass 102) visa
- Prospective Marriage (subclass 300) visa
- Partner (subclass 309) visa

at

- nasa Australia ka sa panahon ng palugit kaugnay ng COVID-19

puwede kang mabigyan ng visa sa Australia kung natutugunan mo ang lahat ng iba pang pamantayan ng visa.

Nagsimula ang panahon ng palugit kaugnay ng COVID-19 noong Pebrero 1, 2020 at isa itong pansamantalang kasunduan. Sumangguni rito para sa mga update kung kailan magtatapos ang panahon ng palugit.

Mula sa Marso 5, 2022, puwede nang ibigay ang Dependent Child (subclass 445) visa sa mga aplikante sa loob at labas ng Australia, saanman isinumite ang aplikasyon ng visa. Dahil dito, ang visa subclass na ito ay hindi na saklawe ng mga kasunduan sa palugit kaugnay ng COVID-19. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Dependent Child visa (subclass 445).

Mga Parent visa

Mga aplikasyon ng Parent visa na isinumite sa labas ng Australia

Kung nag-apply ka sa labas ng Australia ng isang

- Partner (subclass 103) visa
- Contributory Parent (subclass 173) visa
- Contributory Parent (subclass 143) visa

at

- nag-apply ka ng visa bago sumapit ang Marso 24, 2021 at
- nasa Australia ka noong Marso 24, 2021

puwedeng maibigay ang iyong visa habang nasa Australia ka kung natutugunan mo ang lahat ng iba pang pamantayan ng visa sa panahon ng palugit kaugnay ng COVID-19. Kung nag-apply ka ng visa na ito sa labas ng Australia at natutugunan mo ang mga karaniwang kinakailangan sa pagbibigay ng visa, mabibigyan ka ng visa sa labas ng Australia (batay sa kasalukuyang proseso).

Mga aplikasyon ng Parent visa na isinumite sa loob ng Australia

Kung nag-apply ka sa loob ng Australia ng isang

- Aged Parent (subclass 804) visa
- Contributory Aged Parent (subclass 864) visa

at

- nag-apply ka ng visa bago sumapit ang Marso 24, 2021 at
- nasa labas ka ng Australia noong Marso 24, 2021

puwedeng maibigay ang iyong visa habang nasa labas ka ng Australia kung natutugunan mo ang lahat ng iba pang pamantayan ng visa sa panahon ng palugit kaugnay ng COVID-19.

Kung nag-apply ka ng visa na ito sa loob ng Australia at natutugunan mo ang mga karaniwang kinakailangan sa pagbibigay ng visa, mabibigyan ka ng visa sa loob ng Australia (batay sa kasalukuyang proseso).

Ilalapat ang mga pansamantalang palugit para sa mga aplikante ng Parent visa sa panahon ng palugit kaugnay ng COVID-19. Nagsimula ang panahon ng palugit kaugnay ng COVID-19 noong Pebrero 1, 2020. Ito ay isang pansamantalang kasunduan. Sumangguni rito para sa mga update kung kailan magtatapos ang panahon ng palugit.

Hindi makakaapekto ang mga pagbabagong ito sa mga kasalukuyang panahon ng pagproseso para sa mga aplikasyon ng Parent visa. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [mga petsa ng paglalabas ng pila sa Parent visa at panahon ng pagpoproseso](#).

Mga bridging visa para sa mga aplikante ng Parent visa at Contributory Parent visa

Puwede kang maging karapat-dapat para mabigyan ng isang bridging visa kaugnay ng iyong aplikasyon ng Parent (Subclass 103), Contributory Parent (Subclass 143), o Contributory Parent (Temporary) (Subclass 173) visa sa panahon kung kailan ipinatupad ang mga palugit kaugnay ng COVID-19, kung natugunan ang lahat ng pamantayang ito:

- isinumite mo ang iyong aplikasyon ng Parent visa o Contributory Parent visa bago sumapit ang Marso 24, 2021
- isinumite ang aplikasyon ng visa sa loob ng Australia
- nasa Australia ka noong Marso 24, 2021
- hindi pa naisapinal ang aplikasyon ng visa.

Nakadepende ang bridging visa subclass kung saan ka maaaring maging karapat-dapat sa iyong sitwasyon sa panahon na isinumite ang iyong aplikasyon ng Parent visa o Contributory Parent visa.

Kung mayroon kang [may bisang visa](#) sa panahon na isinumite mo ang iyong aplikasyon ng visa, puwede kang mag-apply at mabigyan ng [Bridging visa A - BVA - \(Subclass 010\)](#).

Kung wala kang may bisang visa sa panahon na isinumite mo ang iyong aplikasyon ng visa, hindi ka magiging karapat-dapat para sa isang BVA. Puwede mong matugunan ang mga kinakailangan para sa isang [Bridging visa E - BVE - \(Subclass 050\)](#).

Kung nagsumite ka ng papel na aplikasyon ng Parent visa o Contributory Parent Visa sa isang opisina sa labas ng Australia, hindi mo matutugunan ang pamantayan para sa pagbibigay ng isang bridging visa kaugnay ng iyong aplikasyon ng visa.

Kung gusto mong mag-apply ng bridging visa, magpadala ng nakumpletong [Form 1005](#) sa WA Parent Visa Centre. Huwag i-email ang nakumpletong form. Mawawalan ng bisa ang aplikasyon at hindi isasaalang-alang ang anumang Form 1005 na natanggap sa pamamagitan ng email.

Mga Sponsored Parent (Temporary) (subclass 870) visa

Kung mayroon kang Sponsored Parent (Temporary) visa (subclass 870) (SPTV) at nasa labas ka ng Australia noong Hulyo 1, 2021, awtomatikong napalawig ang tagal ng iyong visa nang 18 buwan.

Layunin ng palugit na ito na tulungan ang mga may-ari ng SPTV na hindi magamit ang buong 3 o 5 taon ng kanilang visa sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19.

Kung napalawig ang iyong visa sa ilalim ng palugit na ito, hindi ibibilang ang karagdagang 18 buwan sa iyong naiipon na 10 taon na maximum na tagal ng pamamalagi.

Napalawig na rin ang mga obligasyon sa pag-sponsor para sa mga SPTV Sponsor para sa parehong tagal na 18 buwan.

Puwede mong tingnan ang mga detalye at kondisyon ng iyong visa gamit ang [VEVO](#).